LabourPains.com

Reliable information from doctors, midwives & mothers on pain relief & anaesthesia choices for your baby's birth

# Mga anesthetik at mga buntis na mataas ang Body Mass Index (BMI)

## Mga kailangan mong malaman

### Sinu-sino ang maaaring may mataas na BMI?

Mahalagang malaman namin kung kakailanganin mo ng karagdagang suporta habang ikaw ay buntis hanggang sa iyong panganganak. Mas malamang na kakailanganin mo ng tulong kung mataas ang iyong BMI. Ang BMI ay kinakalkula ng iyong komadrona sa oras ng iyong pagbisita gamit ang iyong taas at timbang. Habang tumataas ito, lalo na kung lumagpas ito sa 40, mas lumalaki ang posibilidad na magkaroon ka ng ilang mga komplikasyon sa pagbubuntis. Gayunpaman, may mga pangyayari naman na walang komplikasyon at walang kailangang interbensyon ang ilang mga nagbubuntis na may mataas na BMI.

### Ano ang susunod na mangyayari?

Habang nagbubuntis, maaari kang alukin na gumawa ng appointment sa doktor para pagusapan ang mga mapagpipiliang gamot para sa pananakit at anesthesia para sa iyong panganganak. Mas madali itong pag-usapan habang naka-relax ka, kaysa sa ipaliwanag ito sa iyo ng doktor kapag ikaw ay manganganak na. Pare-pareho lang ang mga mapagpipiliang gamot para sa pananakit, pero ang ilan dito, tulad ng epidural o paggamit ng dextrose ay mas matagal gawin kung mataas ang iyong BMI, kaya mas mainam na pagusapan na ito ngayon.




### Bakit ako kakausapin ng doktor tungkol sa mga epidural?

Maaaring mas mahirap at mas matagal magpa-epidural kung bigla - bigla kang hihingi nito, kaya ipinapayo namin na planuhin nang mas maaga ang paggamit ng epidural. Maaari rin naming suriin ang iyong likod sa iyong pagbisita, minsan gamit ang ultrasound.

Kung nakapagpa-iniksyon kayo ng pampalabnaw ng dugo habang nagbubuntis, papayuhan ka namin kung kailan ito ititigil.



### Ano ang mangyayari kung kailangan ko nang pumunta ng delivery room?

Kung kailangan mong manganak sa delivery room, mas mapapabilis ito kung nakapagpa-epidural ka na. Kung hindi ka nakapagpa-epidural, maaaring kakailanganin mong magpa-general anesthetic, ibig sabihin ay tulog ka pagkapanganak mo.

Susuriin namin ang daluyan ng iyong paghinga para malaman kung kakailanganin pa ba ng panahon o kagamitan upang mabigyan ka ng ligtas na general anesthetic.



### Mga alalahanin

Kung nahihirapan ka minsan magpa-blood test Ito na ang pagkakataon para alamin kung saan ka namin pwede kuhanan ng dugo o lagyan ng dextrose kung kakailanganin mo ito sa panganganak. Minsan, gumagamit kami ng ultrasound para gawin ito.



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga epekto ng pagkakaroon ng mataas na BMI sa iyo at sa inyong anak, mayroong mainam na impormasyon para sa pasyente galing sa website ng Royal College of Obstetricians and Gynaecologists: www.rcog.org.uk/en/patients/patient-leaflets/why-your-weight-matters-during-pregnancy-and-fter after- birth

© Copyright 2016 - Association ng Obstetric Anesthetists '- 21 Portland Place - London - W1B 1PY - UK
Telepono: +44 (0) 20 7631 8883 Fax: +44 (0) 20 7631 4352 Rehistradong Charity No. 1111382 Rehistradong No. 5540014 (Inglatera)